UNIVER... PHILIPPINES
DILIMAN, QUEZON CITY

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO - LENINISMO - KAISIPANG MAO TSETUNG

# ANG Bayan

Tomo X Bilang 17

Setyembre 15, 1978

M G A N I L A L A M A N

SUMUSULONG ANG REBOLUSYON
SA IKA-7 TAON NG BATAS MILITAR p. 1

MANGGAGAWANG BUKID, IKINULONG
NANG MAGTANIM SA LUPA NG ASENDERO p. 6

NAWAWALAN NG TIRAHAN ANG MASA
SA PATAKARAN NG REHIMEN SA PABAHAY p. 7

'ANTI-IMPERYALISTA' NA RAW SI MARCOS...??!! p. 9

INIINSULTO NG PELIKULA ANG MASANG
LUMABAN SA PANANAKOP NG HAPONES p. 11

MAY PANIBAGONG ANTAS SA PAKIKIBAKANG
PAMBANSANG DEMOKRATIKO SA TAYLANDIA p. 12

Inilathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## SUMUSULONG ANG REBOLUSYON SA IKA-7 TAON NG BATAS MILITAR

Pagpasok ng pasistang diktadurang E.U.-Marcos ngayong buwang ito sa ikapitong taon ng mapang-api't bulok na paghahari, higit kailanma'y mainam ang kondisyon sa pagsulong ng pambansang demokratikong rebolusyon.

Ang pinakamatibay na ebidensya nito ang pinabilis na paglawak at pagkonsolida ng Partido Komunista ng Pilipinas sa lahat ng siyam na rehiyon ng bayan--Hilagang-silangang Luson, Hilagang-kanlurang Luson, Gitnang Luson, Maynila-Rizal, Timog Katagalugan, Bikol, Silangang Kabisayaan, Kanlurang Kabisayaan at Mindanaw.

Ang patuloy na pagpapalawak at pagpapatatag ng Partido at pwersang militar nito, ang Bagong Hukbong Bayan, ay kumukuha ng lakas mula sa mainit na pagtangkilik at masigasig na paglahok ng mga mamamayang Pilipino sa pakikibakang antipasista, anti-imperyalista at antipeudal.

Sa kabilang dako, ang humihigpit na rebolusyonaryong suporta ng mamamayan sa Partido at hukbong bayan ay nagmumula sa lubos nilang pagtakwil sa pasistang rehimen at sa pataas nang pataas nilang kamulatan sa katotohanang tanging ang armadong pagbabagsak sa naghaharing pangkatin at pasistang aparato nito ang tutubos sa kanila mula sa pangkabuhayang pagsasamantala at pampulitikang panunupil.

Ipinataw ng pangkating E.U.-Marcos ang batas militar noong Setyembre 21, 1972, nang makita nito na hindi na maaaring maghari sa lumang paraan. Namamalayan na ng taong-bayan ang pagsasamantala't pang-aapi ng imperyalismong Amerikano, peudalismo at burukrata kapitalismo, at parami nang parami ang umaanib sa pambansang demokratikong kilusan.

Sa ilalim ng batas militar, lalong naging mariin ang panunupil na siyang pangunahing sandata ng mga naghaharing uri laban sa malawak na masa ng mamamayan. Patuloy na ginagamit ang panloloko bilang pumapangalawang taktika, bagamat paunti nang paunti ang nalilinlang ng rehimen.

Ganap na ipinagkait sa mga mamamayan ang limitado na ngang karapatang tangan nila bago magbatas militar, at lalo silang pinagsamantalahan alang-alang sa kapakanan ng imperyalismong Amerikano at lokal na mga kasabwat nito.

### "Normalisasyon"

Ngayon, pagkaraan ng anim na taon ng paghaharing pasista ng rehimeng E.U.-Marcos, higit na matindi ang kaapihan ng taong-bayan kaysa kailanman sa nakaraan.

Wala nang sinasabi ang pasistang papet na si Marcos tungkol sa "pagsasademokratiko ng yaman" dahil ipinakita sa mga tao ng obhetibong kalagayan na salita lamang itong walang kahulugan. Di na siya nagyayabang tungkol sa "pagpapalaya" sa magsasaka mula sa kaapihang peudal, dahil batid niyang walang nangyari sa huwad niyang "reporma sa lupa".

Sa halip, hinihingi niya sa mga taong-bayan na lalo pang magsakripisyo sa harap ng higit na paglala ng krisis sa kabuhayan sa pagtatapos ng taon. Sa madali't sabi, walang dapat asahan ang mga mamamayan kundi mas matindi pang pagsasamantala't pang-aapi sa hinaharap.

Bilang konswelo, nagpapanga-pangako si Marcos ng "normalisasyon", ang unti-unting pagbalik sa mga "normal na kaparaanan" bago magbatas militar. Panloloko rin ito, tulad ng ipinakita ng pakyawang pandaraya at pananakot ng rehimen noong "eleksyon" ng Abril 7 para sa huwad na "Batasang Pambansa".

Sa mga kondisyong ito nakapaloob ang mga katotohanang kinakaharap ng masa sa araw-araw ng batas militar: pinabababang sahod, laganap na desempleo at kakulangan ng trabaho, walang-tigil na pagtaas ng mga presyo ng bilihin, walang-tigil na pagbigat ng buwis na sumusustento sa

parasitikong Sandatahang Lakas ng Pilipinas at pasikat at palabigasang proyekto sa imprastruktura, paniniil sa karapatang pampulitika ng mamamayan.

Naroon din sa araw-araw ang kalupitan ng puting lagim ng reaksyonaryong estado: ang nagkalat na mga espia, pangingikil ng mga pasistang tropa, sapilitang pagpapalikas at panununog, sa kanayunan maging sa lunsod, maramihang pang-aaresto, pagpapahirap, pagmasaker at pagpatay.

Kasabay nito'y isinangla na ng rehimen ang buong bansa. Dahil sa mahigit P51.5 bilyon na (mahigit $7 bilyon) ang utang sa dayuhan, mas nahihigpitan ng imperyalismong Amerikano ang sakal nito sa pambansang ekonomia habang tumutubo nang malaki sa pagpapautang ng labis na kapital.

Pangunahing nakikinabang

Ang imperyalismong Amerikano na nga ang numero unong nakikinabang sa batas militar, kasama ang mga lokal na ahente nito--ang malalaking burges komprador at malalaking asendero. Kabilang ang kanilang pinakamalapit at pinakamataas ang sahod na galamay pampulitika't tekniko, di sila lalampas sa 2 porsiento ng pambansang populasyong umaabot, sa huling bilang, sa 46 milyong tao.

Nakahanay laban sa kanila ang mamamayan--ang manggagawa, magsasaka, petiburges ng lunsod at panggitna o pambansang burges, na bumubuo sa may 98 porsiento ng populasyon.

Sa kanilang lahat, higit ang pang-aapi't pagsasamantala sa masang anakpawis ng manggagawa't magsasaka. Kasunod nila sa tindi ng pagsasamantala't kaapihan ang petiburgesya at, kahit paano, ang pambansang burgesya.

Ito ang mga nagtutuligsaan sa prinsipal na kontradiksyon sa lipunang Pilipino: sa isang banda, ang pasistang rehimeng E.U.-Marcos na kumakatawan sa makitid at makasariling interes ng mga naghaharing uri, at sa kabilang banda, ang mamamayan, na mahigit 45,000,000 ang bilang.

Totoong may mga kontradiksyon sa pagitan nina Marcos at mga amo niyang imperyalistang Amerikano. Ngunit pangunahin ang sabwatan nila para higtan ang pang-aapi sa mamamayan at panatilihing malakolonyal at malapeudal ang Pilipinas.

Ngayon, pagkaraan ng anim na taon ng batas militar, mas masahol ang buhay ng mamamayan kaysa nakaraan. Sumusunod ang maiikling paglarawan sa kanilang kalagayan:

1. Ang manggagawa. Nakapako sa P11 ang arawang sahod nila gayong sa halagang tatlong beses nito'y hindi pa rin kayang mabuhay nang disente ang isang pamilya. Sinisiil pa rin ang kanilang demokratikong karapatang magwelga, tulad ng karapatang magbuo ng malayang unyon at magtipun-tipon.

Paglawak ng uring manggagawa

Kapansin-pansin sa loob ng batas militar na sa pagtatayo ng paparaming pagawaan at negosyo ng imperyalistang Amerikano at Hapones at mga lokal nilang komprador, lalo namang lumawak ang hanay ng uring manggagawa.

Habang nahahasa ang manggagawa sa organisasyon at napapanday sa mga pakikibakang pangkabuhayan at pampulitika laban sa malalaking kapitalista at sa pasistang rehimen, parami nang parami ang sumasama sa kanilang mga kapatid na magsasaka sa armadong pakikibaka, at humahawak ng namumunong posisyon sa pambansang demokratikong rebolusyon at kasunod nitong sosyalistang rebolusyon.

Ang uring manggagawa--ang proletaryado--ang pinakaprogresibo at pinakalubos na rebolusyonaryong uri sa kasaysayan ng mundo.

2. <u>Ang magsasaka.</u> Patuloy nilang dinaranas ang pagsasamantalang peudal at malapeudal. Kasama ng manggagawa, binubuo nila ang produktibong pwersa ng bayan at nalilikha ng kanilang trabaho ang napakalaking yaman. Ngunit tulad ng manggagawa, sila'y hirap na hirap.

Mas malinaw ngayon sa magsasaka na sa ilalim ng batas militar ay hindi sila nagmamay-ari ng lupang dapat mapasakanila na dahil sa kanilang pagod. Di nila mababayaran ang labis-labis na presyong idinidikta nina Marcos at kapareho niyang malaking asendero para sa pagbibili ng lupa.

Di na natupad ang pangakong "palayain" sila sa ilalim ng "reporma sa lupa" ni Marcos, binibiktima pa ang magsasaka ng mapang-usurang mga patakaran ng pangkating E.U.-Marcos tulad ng "Masagana 99", "Samahang Nayon", atbp.

Namagitan pa nga ang rehimeng batas militar sa tuwirang pagsasamantalang imperyalista sa uring magsasaka. Pinipilit silang bumili ng mamahaling gamit sa bukid tulad ng pestisidyo, abono at makina, na pawang mga produkto ng malaking negosyong imperyalista.

Tulad ng mga manggagawa, ipinagkakait sa mga magsasaka ang karapatang magbuo ng malayang samahan.

Sapagkat binubuo nila ang lubos na nakararaming inaaping mamamayan, ang mga magsasaka ang pangunahing pwersang panlaban ng rebolusyon.

3. <u>Ang petiburgesya ng lunsod.</u> Masakit ang tama sa mga propesyonal, estudyante at iba pa sa uring ito ng tumataas na presyo ng mga bilihin at serbisyo na patuloy ang pag-agnas sa kakayahang maipambili ng nakatakda nilang kita. Tumitindi ang kanilang paghihirap dahil sa taas ng buwis na binabayaran nila at sa panunupil sa mga karapatang demokratiko.

4. <u>Ang pambansang burgesya.</u> Bagamat nakaaangat sila sa mga manggagawa, magsasaka at petiburgesya, patuloy na nababangkarote ang mga makabayang negosyante. Ang mga negosyo nila ay mabilis na kinakain ng mga higanteng korporasyon ng imperyalistang Amerikano at Hapones. Naging sumasahod na manidyer na lamang ang karamihan sa kanila, bunga ng antinasyonal na mga patakaran ng pasistang rehimeng Marcos.

<u>Nagkakaisang prente</u>

Pinatatatag ng manggagawa at magsasakang bumubuo sa lubos na nakararaming mamamayang Pilipino ang kanilang batayang alyansa sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, upang ilatag ang pundasyon ng pambansang demokratikong nagkakaisang prente.

Laluna sa loob ng dalawang taong nakalipas, dumarami ang sumasanib sa alyansang ito mula sa mababang saray ng petiburgesya.

At habang sumusulong ang rebolusyonaryong pakikibaka, gayundin nahihikayat sa rebolusyon ang mataas na saray ng petiburgesya at progresibong bahagi ng pambansang burgesya.

May limang pwersang pampulitika sa bayan ngayon na mahahati sa dalawa: ang kampong rebolusyonaryo at ang kampong reaksyonaryo.

Nasa kampong rebolusyonaryo ang ganap na nakararaming mamamayan, na habang nabubuo sa mabilis na dumaraming organisasyong masa sa bawat sektor ng lipunan ay nahihikayat sa aktibong pakikipaglaban at pagkilos sa digmang bayang pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Nasa unahan ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka ang Bagong Hukbong Bayan. Kabilang din sa rebolusyonaryong kampo ang Prente sa Pambansang Pagpapalayang Moro (MNLF) at pwersang militar nito, ang Hukbong Bangsa Moro (BMA).

Nasa reaksyonaryong kampo naman ang 1) pasistang rehimeng E.U.-Marcos, ang regular na sandatahang lakas nito at pwersang malamilitar, 2) ang mga reaksyonaryong anti-Marcos, at 3) ang taksil na rebisyonistang pangkating Lava.

Pag-usapan muna natin ang reaksyonaryong kampo.

Kitang-kita ng lahat ang pasistang rehimeng diktador ng pangkating E.U.-Marcos, sapagkat kontrolado nito ang buong aparato ng estadong burges. Pangunahin itong responsable sa pagsasamantala at pang-aapi sa mamamayan.

Tulad ng mahihinuha sa tawag sa kanila, kumokontra kay Marcos ang mga reaksyonaryong anti-Marcos dahil minomonopolisa niya ang kapangyarihang pampulitikang dati nilang pinaghahatian. Pero tulad ni Marcos, ibig nilang panatilihin ang pagiging malakolonyal at malapeudal ng bayan at sila mismo'y pumapayag na maging kasangkapan ng imperyalismong Amerikano.

Sa unang malas, maaaring sabihing lumala ang kontradiksyon nila kay Marcos nang dayain sila nito noong "eleksyon" ng Abril 7. Ang totoo'y tumutungo sila sa pakikipagkasundo.

Noong simula ng batas militar, kinumpiska ni Marcos ang mga ari-arian ng ilan sa mga reaksyonaryong ito at ikinulong naman ang iba. Ngunit marami siyang hindi ginalaw.

Nitong nakaraan, may bahagyang pagluluwag si Marcos, at binibigyan niya ang mga reaksyonaryong ito ng kaunting kalayaang magsalita, mag-organisa at maglakbay. Sa kabila ng kanyang pandaraya noong "eleksyon", ang pinto sa paghahatiang pampulitika ay binubuksan pa rin niya sa mga kaaway sa pulitika sa pamamagitan ng "Batasang Pambansa" at pangakong magdaos ng lokal na halalan.

## Umaasa sa imperyalismo

Sinisikap ngayon ng mga reaksyonaryong ito na ipunin ang kalat-kalat na pwersa ng oposisyonistang Partido Liberal para paghandaan ang pampulitikang paglaban kay Marcos sa hinaharap.

Itinayo rin ng ilan sa kanila ang Nagkakaisang Partidong Pilipinong Demokratiko-Sosyalista (UPDSP, tinatawag ding "Soc-Dem"), na sumasakay sa rebolusyonismong petiburges at pagiging panatiko sa relihiyon.

Gayunma't pangunahin ang tunguhing magkasundo sina Marcos at mga katunggali niyang reaksyonaryo, may alitan pa rin. Bunga ito ng walang-sawang pagpapaalala ng mga reaksyonaryong anti-Marcos sa imperyalistang Amerikano na pampabigat lamang sa kanila si Marcos. Lagi rin nilang ipinipirisinta ang sarili sa mga amo nilang imperyalistang Amerikano bilang "kabayong reserba" sakaling iligpit na si Marcos. Umaasa sila sa suporta ng mga imperyalista sa posibleng kudeta, ngunit kontento na rin silang hatian sila ni Marcos ng kapangyarihan.

Bagamat sa artikulong ito'y inililista natin ang taksil na rebisyonistang pangkating Lava bilang hiwalay na "pwersang pampulitika", sa katunaya'y sumuko na sila kay Marcos. Mayroon silang "nagkakaisang prente" ng pasistang papet na diktador laban umano sa imperyalismong Amerikano.

May hawak na matataas na katungkulan sa burukrasya ang mga pasimuno ng pangkating ito. Nakatalaga ang ilang kadre nila sa mga ahensya ng gobyerno tulad ng Ministeryo ng Repormang Agraryo at tumutulong sa "pagpapatupad" ng "reporma sa lupa" ng rehimen.

Nitong huli, naglulunsad ng "rebolusyon" ang mga "lider" ng mga organisasyong Lava sa pamamagitan ng isang dagsang pahayag at sulat sa mga peryodiko ni Marcos, kung saan parang mga alila silang pumupuri kay Marcos para sa umano'y pagpupursigi niya sa "pambansang pagpapaunlad" (kung anuman iyon).

Nasa reaksyonaryong kampo naman ang 1) pasistang rehimeng E.U.-Marcos, ang regular na sandatahang lakas nito at pwersang malamilitar, 2) ang mga reaksyonaryong anti-Marcos, at 3) ang taksil na rebisyonistang pangkating Lava.

Pag-usapan muna natin ang reaksyonaryong kampo.

Kitang-kita ng lahat ang pasistang rehimeng diktador ng pangkating E.U.-Marcos, sapagkat kontrolado nito ang buong aparato ng estadong burges. Pangunahin itong responsable sa pagsasamantala at pang-aapi sa mamamayan.

Tulad ng mahihinuha sa tawag sa kanila, kumokontra kay Marcos ang mga reaksyonaryong anti-Marcos dahil minomonopolisa niya ang kapangyarihang pampulitikang dati nilang pinaghahatian. Pero tulad ni Marcos, ibig nilang panatilihin ang pagiging malakolonyal at malapeudal ng bayan at sila mismo'y pumapayag na maging kasangkapan ng imperyalismong Amerikano.

Sa unang malas, maaaring sabihing lumala ang kontradiksyon nila kay Marcos nang dayain sila nito noong "eleksyon" ng Abril 7. Ang totoo'y tumutungo sila sa pakikipagkasundo.

Noong simula ng batas militar, kinumpiska ni Marcos ang mga ari-arian ng ilan sa mga reaksyonaryong ito at ikinulong naman ang iba. Ngunit marami siyang hindi ginalaw.

Nitong nakaraan, may bahagyang pagluluwag si Marcos, at binibigyan niya ang mga reaksyonaryong ito ng kaunting kalayaang magsalita, mag-organisa at maglakbay. Sa kabila ng kanyang pandaraya noong "eleksyon", ang pinto sa paghahatiang pampulitika ay binubuksan pa rin niya sa mga kaaway sa pulitika sa pamamagitan ng "Batasang Pambansa" at pangakong magdaos ng lokal na halalan.

## Umaasa sa imperyalismo

Sinisikap ngayon ng mga reaksyonaryong ito na ipunin ang kalat-kalat na pwersa ng oposisyonistang Partido Liberal para paghandaan ang pampulitikang paglaban kay Marcos sa hinaharap.

Itinayo rin ng ilan sa kanila ang Nagkakaisang Partidong Pilipinong Demokratiko-Sosyalista (UPDSP, tinatawag ding "Soc-Dem"), na sumasakay sa rebolusyonismong petiburges at pagiging panatiko sa relihiyon.

Gayunma't pangunahin ang tunguhing magkasundo sina Marcos at mga katunggali niyang reaksyonaryo, may alitan pa rin. Bunga ito ng walang-sawang pagpapaalala ng mga reaksyonaryong anti-Marcos sa imperyalistang Amerikano na pampabigat lamang sa kanila si Marcos. Lagi rin nilang ipinipirisinta ang sarili sa mga amo nilang imperyalistang Amerikano bilang "kabayong reserba" sakaling iligpit na si Marcos. Umaasa sila sa suporta ng mga imperyalista sa posibleng kudeta, ngunit kontento na rin silang hatian sila ni Marcos ng kapangyarihan.

Bagamat sa artikulong ito'y inililista natin ang taksil na rebisyonistang pangkating Lava bilang hiwalay na "pwersang pampulitika", sa katunaya'y sumuko na sila kay Marcos. Mayroon silang "nagkakaisang prente" ng pasistang papet na diktador laban umano sa imperyalismong Amerikano.

May hawak na matataas na katungkulan sa burukrasya ang mga pasimuno ng pangkating ito. Nakatalaga ang ilang kadre nila sa mga ahensya ng gobyerno tulad ng Ministeryo ng Repormang Agraryo at tumutulong sa "pagpapatupad" ng "reporma sa lupa" ng rehimen.

Nitong huli, naglulunsad ng "rebolusyon" ang mga "lider" ng mga organisasyong Lava sa pamamagitan ng isang dagsang pahayag at sulat sa mga peryodiko ni Marcos, kung saan parang mga alila silang pumupuri kay Marcos para sa umano'y pagpupursigi niya sa "pambansang pagpapaunlad" (kung anuman iyon).

Suportado ang oportunistang pangkating ito ng mga sosyal-imperyalistang Sobyet na naghihintay lamang singitan ang imperyalismong Amerikano sa Pilipinas.

## Pulang kapangyarihang pampulitika

Suriin naman natin ngayon ang kampong rebolusyonaryo--ang Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan, at ang Prente sa Pambansang Pagpapalayang Moro at pwersang militar nito, ang Hukbong Bangsa Moro.

Sa buong bayan ngayon, sa Luson, Kabisayaan at Mindanaw, mapangahas na isinusulong ng Partido ang dakilang bandila ng rebolusyon.

Sa pamamagitan ng hukbong bayan, unti-unti nitong itinatatag ang pulang kapangyarihang pampulitika sa kanayunan. At sa pamamagitan ng iba-ibang rebolusyonaryong organisasyong masa, patuloy na isinasanib ng Partido sa hanay nito ang paparaming manggagawa, magsasaka at petiburges.

Nagtamo ng mga pinsala sa ilang rehiyon ang Partido at hukbong bayan noong mga unang taon ng batas militar. Ngunit habang nakatali ang kaaway sa mga operasyong "hanapin at wasakin" sa mga rehiyong ito, nagpapalawak naman ang Partido sa lahat ng iba pang rehiyon. Hindi lang iyon, mula noo'y nabawi na ng kilusang rebolusyonaryo ang mga lugar na inokupahan ng kaaway noon.

Ngayon, sa pagpasok ng batas militar sa ikapitong taon nito, nagpupunyagi ang BHB sa digmang bayan. Nakapag-ugat na ito sa masa sa lahat ng estratehikong lugar sa bayan, mula sa dulo ng Luson hanggang Mindanaw.

Noon, ang kabuuang diin ay sa pagpapalawak muna, saka ang konsolidasyon; ngayon, konsolidasyon ang una at pagpapalawak ang pangalawa. Kinikinis ng mga kadre ng Partido at Pulang mandirigma ang gawaing pang-ideolohia, pampulitika at pang-organisasyon sa 13 malaki't malaki-laking prenteng gerilya sa buong saklaw ng bayan at itinataas ang mga ito sa antas ng baseng gerilya.

Kasabay nito, sa Mindanaw, buong-loob na nagpupursigi ang MNLF at hukbo nito sa armadong pakikibaka para sa karapatan ng mamamayang Moro na magpasya sa sarili.

## Pakikibaka ng mamamayang Moro

Dapat tukuying may rebolusyonaryong bahagi ang MNLF at may reaksyonaryo't palasukong bahagi. Bumubuo sa palasukong bahagi ang ilang oportunistang napaloloko't napabibili sa pasistang rehimen.

Sa loob ng may isang taong nakaraan, desperadong nagtatangka ang rehimeng hatiin ang hanay ng MNLF/BMA, palibhasa'y di ito magupo sa larangang militar. Nagtayo ang rehimen ng aninong organisasyon, ang umano'y "Organisasyon ng Pagpapalayang Bangsa Moro" (BMLO), at sinasabi pang nagkakawatak-watak na ang MNLF.

Nang walang pumansin sa "BMLO", palibhasa'y pinamunuan ng mga burges na pulitikong maka-Marcos, ang ginawa ng rehimen ay inihain naman ang isang oportunistang lider ng MNLF bilang "tagapangulo" raw ng Prente, na umano'y pumalit kay Nur Misuari bilang pinuno ng Komite Sentral ng MNLF.

Bigo rin ang pakanang ito, tulad ng pinapatunayan ng pagpupursigi ng MNLF at BMA sa armadong pakikibaka laban sa pasistang rehimen, sa pagtatanggol sa mga karapatan ng mamamayang Moro.

Patuloy na itinatali ng MNLF at BMA ang malalaking seksyon ng reaksyonaryong AFP sa mga operasyong gerilya sa maraming dako ng Mindanaw.

Sa loob ng darating na mga taon, iaangat pa ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan ang armadong pakikibaka tungo sa mas mataas na antas, at dudugtungan at susuportahan ito ng mas malalaki at higit na mapangahas na rebolusyonaryong aksyong masa sa mga lunsod at kabayanan. Ang pakikibakang masa naman sa mga lunsod at kabayanan ay kukuha ng lakas at inspirasyon mula sa armadong pakikibaka sa kanayunan.

Kahit ang mga kalagayan sa daigdig ay umaayon sa matagumpay na pag-unlad ng demokratikong himagsikang bayan sa Pilipinas.

Sa panahong lumalakas ang kilusan ng mga bayan ng ikatlong daigdig laban sa panghihimasok at pananalakay ng dalawang superpower--ang imperyalismong Amerikano at sosyal-imperyalismong Sobyet--nagtatangka si Marcos na ipuslit ang kanyang sarili sa harapan ng entablado ng mundo. Ibig niyang papaniwalain ang ibang bayan na tunay siyang kumakalaban sa kanyang mga amo.

Subalit hindi mapipigil ang rebolusyonaryong mamamayang Pilipino sa pagsigaw ng kanilang lubusang pagtakwil sa kanyang anti-demokratiko't papet na rehimen. Saanman sila naroroon, ipinaririnig ng makabayang mga Pilipino sa ibayong dagat ang tinig na iyon sa lahat ng mamamayan ng daigdig na mapagmahal sa katarungan at kalayaan. Marubdob nilang tinatangkilik ang armadong pakikibaka ng sambayanang Pilipino, na pumapaloob sa makapangyarihang agos ng rebolusyon na rumaragasa sa daigdig.

Patuloy na sumusulong ang pambansang demokratikong rebolusyon tungo sa tiyak at maluningning na tagumpay.

* * *

## MANGGAGAWANG BUKID, IKINULONG NANG MAGTANIM SA LUPA NG ASENDERO

Mahigit 100 manggagawa sa tubuhan ang inaresto at ibinilanggo noong Hulyo 30 sa lunsod ng Bago, Negros Occidental, dahil tinamnan nila ng makakain ang isang loteng ari ng malaking asendero.

Dinakip ang 129 tao sa isang pag-uusap na itinakda ng militar sa pagitan ng mga manggagawang bukid at ni Angel Araneta, ang may-ari ng asyenda sa baryo Ma-ao, lunsod ng Bago.

Sa harap ng malawak na protesta ng mamamayan, napilitan ang pasistang militar na palayain ang mga ikinulong nila.

Sa pakikipag-usap sa asendero, tumanggi ang masa na sirain ang itinanim nilang palay, saging, kamote, mais at iba pa sa 12-ektaryang lote ni Araneta.

"Nagugutom kami, gusto naming magtrabaho pero wala namang trabaho. Tumigil na sa pag-aaral ang mga anak namin. Bakante naman at hindi ginagamit ang lupa," ang katwiran ng mga manggagawa.

Anim na buwan sa isang taong walang trabaho ang mga manggagawa sa tubuhan, habang hinihintay na gapasin ang tubo para dalhin sa asukarera. Sa panahong ito, hindi sumasahod ang manggagawang bukid. (Ang minimum sa tubuhan ay P7 lamang sa isang araw, kung ibinibigay man ang minimum. Pinakamadalas, nagtatrabaho sila sa sistemang pakyaw, kung saan mababa pang higit ang kanilang kinikita.)

Bago nila tinamnan ang lote, sinabi ng mga manggagawang bukid kay Araneta na nakahanda silang magbayad ng upa sa bakanteng loteng nasa loob ng 299-ektaryang asyenda. (Balak nilang upahan ito nang isang taon at tamnan ng makakain. Ayaw pumayag ng asendero.

Nang magharap ang mga manggagawang bukid at si Araneta noong Hulyo 30, biglang pinaligiran ng mga tropang pasista ang pulong at inaresto ang masa. Kinuha rin ang walong opisyal at kasapi ng Pambansang Pederasyon ng mga Manggagawa sa Tubuhan (NFSW), kabilang ang direktor ng lupon nito, si P. Edgar Saguinsin.

Maraming organisasyon ng mamamayan ang nagpahayag ng pagtutol sa pagkukulong sa mga manggagawang bukid. Kabilang sa mga ito ang Free Legal Aid Group (FLAG), sa pamumuno nina dating Senador Jose W. Diokno at Lorenzo M. Tañada, at Atty. Joker P. Arroyo. Sumulat sila kay Juan Ponce Enrile, ministro ni Marcos sa tanggulang pambansa, at sinabing dapat palayain ang lahat ng ibinilanggo.

## Reporma sa lupa

Tumutol din si Obispo Antonio Fortich, na nakasaksi sa pang-aaresto, sa "kawalan ng modo at sentido komun" ng pasistang militar. Bunga nito'y nagbitiw siya sa Komitong Tagapag-ugnay ng Simbahan at Militar, at pinagbitiw rin niya ang iba pang kinatawan ng simbahan sa komite.

"Ang pagpapalaya sa 129 detenido (ay) makabuluhang tagumpay...sa gawain tungo sa hustisya sosyal sa Negros, laluna sa pagsasagawa ng reporma sa lupa," sinabi ng Komite para sa Katarungan sa mga Manggagawa sa Tubuhan (JSWC) sa lunsod ng Bacolod.

Tinukoy ng JSWC na ang pangyayari sa Bago ay "bahagi ng mas malaki at batayang problema ng pagsasamantala sa mga manggagawa sa tubuhan na dulot ng sistema ng asyenda". Idinagdag pa ng komite: "Maliwanag na ang reporma sa lupa ay isa sa mga solusyon sa problema ng pagkagutom sa panahong (walang trabaho sa asyenda), na nauulit sa Negros taun-taon."

Habang nagugutom ang masa, nakatiwangwang ang malalawak na lupaing ari ng mga asenderong naghihintay lamang ng magandang pagkakataong pakinabangan ito. Tumpak ang paggiit ng mamamayan sa kanilang karapatang mabuhay at makinabang sa lupa, kahit pa man marahas na ipinagtatanggol ng reaksyonaryong estado ang "karapatan sa kanyang ari-arian" ng asendero.

* * *

## NAWAWALAN NG TIRAHAN ANG MASA SA PATAKARAN NG REHIMEN SA PABAHAY

Pormal na binuksan noong Setyembre 8 ang Bagong Lipunan Condominium sa Bicutan, Taguig, Rizal, isa sa mga proyektong pabahay ng pasistang rehimeng Marcos para umano sa mga maralita ng lunsod.

Katulad ng Kapitbahayan sa Tondo, ang nasabing condominium ay bahagi ng "urban renewal program" o "programa sa pagpapanibago ng kalunsuran" ng Ministry of Human Settlements at Metro Manila Commission na parehong pinamumunuan ni Imelda Marcos.

Ipinakita ng pagsusuring ginawa ng Agham ng Bayan, pahayagan ng Liga ng Agham para sa Bayan, kung paano lalong pinapahirapan ng "urban renewal program" ang mga maralita ng lunsod, sa halip na matulungan sila.

Upang maitayo ang iilang pabahay na patunay raw ng pagmamalasakit sa nahihirap, pinapalayas ng diktadurang E.U.-Marcos ang libu-libong mamamayan sa kanilang mga komunidad.

Minsang maitayo ang mga pabahay na ito, hindi ang mga napatalsik ang nakikinabang, maliban sa ilang malalakas. Hindi na sila muling pababalikin sa kanilang mga komunidad na binigyan ng "bagong anyo" para sa mata ng dayuhang mamumuhunan at mga turista.

Nang magharap ang mga manggagawang bukid at si Araneta noong Hulyo 30, biglang pinaligiran ng mga tropang pasista ang pulong at inaresta ang masa. Kinuha rin ang walong opisyal at kasapi ng Pambansang Pederasyon ng mga Manggagawa sa Tubuhan (NFSW), kabilang ang direktor ng lupon nito, si P. Edgar Saguinsin.

Maraming organisasyon ng mamamayan ang nagpahayag ng pagtutol sa pagkukulong sa mga manggagawang bukid. Kabilang sa mga ito ang Free Legal Aid Group (FLAG), sa pamumuno nina dating Senador Jose W. Diokno at Lorenzo M. Tañada, at Atty. Joker P. Arroyo. Sumulat sila kay Juan Ponce Enrile, ministro ni Marcos sa tanggulang pambansa, at sinabing dapat palayain ang lahat ng ibinilanggo.

Reporma sa lupa

Tumutol din si Obispo Antonio Fortich, na nakasaksi sa pang-aaresto, sa "kawalan ng modo at sentido komun" ng pasistang militar. Bunga nito'y nagbitiw siya sa Komiteng Tagapag-ugnay ng Simbahan at Militar, at pinagbitiw rin niya ang iba pang kinatawan ng simbahan sa komite.

"Ang pagpapalaya sa 129 detenido (ay) makabuluhang tagumpay...sa gawain tungo sa hustisya sosyal sa Negros, laluna sa pagsasagawa ng reporma sa lupa," sinabi ng Komite para sa Katarungan sa mga Manggagawa sa Tubuhan (JSWC) sa lunsod ng Bacolod.

Tinukoy ng JSWC na ang pangyayari sa Bago ay "bahagi ng mas malaki at batayang problema ng pagsasamantala sa mga manggagawa sa tubuhan na dulot ng sistema ng asyenda". Idinagdag pa ng komite: "Maliwanag na ang reporma sa lupa ay isa sa mga solusyon sa problema ng pagkagutom sa panahong (walang trabaho sa asyenda), na nauulit sa Negros taun-taon."

Habang nagugutom ang masa, nakatiwangwang ang malalawak na lupaing ari ng mga asenderong naghihintay lamang ng magandang pagkakataong pakinabangan ito. Tumpak ang paggiit ng mamamayan sa kanilang karapatang mabuhay at makinabang sa lupa, kahit pa man marahas na ipinagtatanggol ng reaksyonaryong estado ang "karapatan sa kanyang ari-arian" ng asendero.

* * *

NAWAWALAN NG TIRAHAN ANG MASA
SA PATAKARAN NG REHIMEN SA PABAHAY

Pormal na binuksan noong Setyembre 8 ang Bagong Lipunan Condominium sa Bicutan, Taguig, Rizal, isa sa mga proyektong pabahay ng pasistang rehimeng Marcos para umano sa mga maralita ng lunsod.

Katulad ng Kapitbahayan sa Tondo, ang nasabing condominium ay bahagi ng "urban renewal program" o "programa sa pagpapanibago ng kalunsuran" ng Ministry of Human Settlements at Metro Manila Commission na parehong pinamumunuan ni Imelda Marcos.

Ipinakita ng pagsusuring ginawa ng Agham ng Bayan, pahayagan ng Liga ng Agham para sa Bayan, kung paano lalong pinapahirapan ng "urban renewal program" ang mga maralita ng lunsod, sa halip na matulungan sila.

Upang maitayo ang iilang pabahay na patunay raw ng pagmamalasakit sa nahihirap, pinapalayas ng diktadurang E.U.-Marcos ang libu-libong mamamayan sa kanilang mga komunidad.

Minsang maitayo ang mga pabahay na ito, hindi ang mga napatalsik ang nakikinabang, maliban sa ilang malalakas. Hindi na sila muling pababalikin sa kanilang mga komunidad na binigyan ng "bagong anyo" para sa mata ng dayuhang mamumuhunan at mga turista.

Demolisyon, relokasyon at panununog ang mga paraang ginagamit ng pasistang rehimen upang palayasin ang masa sa kanilang komunidad.

Ang mga sunog na naganap sa pagitan ng Marso at Hunyo ng taong ito sa matataong komunidad ng Tondo, Parañaque, Las Piñas, Caloocan at Pasig ay tugma sa balak ng rehimen na padaliin ang pagpapaalis sa mahihirap.

Walang lugar na malilipatan ang nasunugan. Ang mga sentro ng relokasyon tulad ng Sapang Palay, Carmona at Dasmariñas ay siksikan na sa mga taong naunang itinapon doon ng rehimen.

Sinabi ng gobyernong Marcos na noong 1976 lamang, 1,474 pamilya ang inilagay sa mga sentro ng relokasyong masahol pa ang kondisyon kaysa, halimbawa, ang modernong babuyang sinasabing may sosyo si Marcos.

## Mataas na upa, mababang sahod

Kung tutuusin, hindi rin nakasisiguro ang masa na di sila mapapalayas doon. Ang Constitution Hill sa Quezon City ay dating sentro ng relokasyon. Ngunit nang itayo ng rehimen ang bagong gusali ng "Batasang Pambansa" nito, muling pinalayas ang masang naninirahan na roon.

Sinuri rin ng Agham ng Bayan ang kondisyong inilatag ng National Housing Authority (NHA) na siyang nangangasiwa sa mga proyektong pabahay ng rehimen, hinggil sa pagmamay-ari at pag-upa sa mga bahay.

Kahit paano tingnan ng masa, ang patakaran ng rehimen sa pabahay ay hindi para sa mahihirap tulad nila.

Unang-una, kulang na kulang ang nagagawa ng rehimen para bigyan ng matitirhan ang mahigit nang 60,000 pamilyang pinalayas sa kani-kanilang tahanan. Ang Kapitbahayan sa Tondo ay maaaring magbahay lamang ng 500 pamilya. Ang Bagong Lipunan Condominium naman ay para sa 513 pamilya lamang.

Hindi lahat ng lupang pinagtabuyan ng masa ay pinatatayuan ng mas disenteng tirahan para sa kanila. Ginagamit ang karamihan para sa ibang proyekto ng rehimen, tulad sa Constitution Hill. Ang lupang pinagtayuan ng himpilan ng Integrated National Police sa San Juan, Metro Manila ay dating tirahan ng napalayas na mga maralita.

Pangalawa, hindi makakayanan ng masa ang mga kondisyong nakasaad sa kontrata ng NHA. Saan sila kukuha ng ₱3,000 paunang bayad at ₱240 hanggang ₱363 buwanang upa, gayong wala pang ₱10 ang kinikita nila sa isang araw? Karamihan sa kanila ay walang hanapbuhay o di-pirmihan ang trabaho.

Kung nakapagbigay sila ng paunang bayad, hindi rin sila nakatitiyak na kanila na ang bahay at lupang hinuhulugan. Oras na di sila makapaghulog, iilitin ito at ipapaupa sa iba.

## "On-site upgrading"

May ibang gimik pa rin ang rehimen, ang tinatawag na "on-site upgrading" o pagsasaayos sa mga komunidad na nakatayo na.

Sa "upgrading" na ito, hindi pinalalayas nang sapilitan ang mga naninirahan, basta't hindi sagabal ang mga bahay nila sa balak ng NHA para luwangan daw ang mga iskinita at maglagay ng ilaw, tubig, parke at palaruan. Ang gastos sa pagpapaayos ay sisingilin sa mga naninirahan sa lugar. Kung hindi sila makabayad, may dahilan na ang rehimen upang palayasin sila sa kanilang tahanan. Bukod dito'y may mga lugar, tulad sa Tondo foreshoreland, kung saan sinisingil pa rin ang masa sa halaga ng pagpapaayos kahit walang ginagawang trabaho sa kanilang komunidad.

Karamihan sa maralita ng lunsod ay manggagawa, mababang petiburges at malaproletaryo, na galing sa uring maralitang magsasaka. Dahil sa

kawalan ng lupang masasaka at sa pagsasamantala ng panginoong maylupa, napilitan silang lumuwas sa lunsod sa pag-asang makahanap ng mas mahusay na kabuhayan.

Ngunit sa lunsod, kawalan pa rin ng trabaho at matataas na presyo ng bilihin ang sumasalubong sa kanila. Huwag nang sabihin ang kawalan ng tiyak at disenteng tirahan.

Biktima ng kasalukuyang naghaharing sistema sa ating bayan ang masang maralita ng lunsod. Hindi malulutas ang kanilang kahirapan sa pagtapon sa kanila kung saan naisin ng pasistang rehimen. Hindi rin ito maikukubli sa pagtatayo ng puting bakod sa kanilang paligid. Tanging ang isang demokratikong pamahalaang bayan, na mangangalaga sa kapakanan ng pinakamaraming mamamayan, ang makapagbibigay ng tunay na "bagong anyo" sa ating mga siudad at kabayanan.

* * *

'ANTI-IMPERYALISTA' NA RAW SI MARCOS...??!!

Nagpapakulo ang pasistang diktador na si Marcos ng huwad na suportang masa sa kanyang panlilimos sa mga amo niyang imperyalistang Amerikano, kaugnay ng nagaganap na "negosasyon" tungkol sa mga base militar ng Estados Unidos sa bayan.

Nangunguna sa pakulong ito ang Kabataang Barangay (KB), na itinayo para magloko ng mga pasistang idea sa kabataan. Ang pinuno ng organisasyon ay ang panganay na anak ng diktador, si Imee Marcos.

Nitong nakaraang buwan, biglang nagsimulang magbubuga ang KB ng mga "makabayang" islogan at pakunwaring "panawagan" para sa "dagling paglansag sa lahat ng base militar ng Estados Unidos" sa bayan.

Hindi nagtagal, sinundan ito ng malaking palabas ng iba pang tuta ni Marcos. Abut-abot ang papuring ibinigay nina Teodoro Valencia at Luis Taruc, dalawa sa pinakamasugid na tau-tauhan ni Marcos, sa pahayag ng KB, at sinabihan pa nila ang iba na suportahan ito.

Sa kagustuhang mag-ingay pang lalo, nagbigay ang mga pahayagang Marcos ng hustong publisidad sa pahayag ng KB tungkol sa mga base. Nagpalabas pa nga ng isang editoryal ang Daily Express na "bumabatikos" sa imperyalismo sa Pilipinas at sa ikatlong daigdig.

At siempre pa, hindi nagpadaig ang mga rebisyonistang Lava. Todo-arte ang kanilang pagsunod sa iskrip ni Marcos. Sa pamamagitan ng kanilang Pambansang Kilusan ng Paggawa o Kilusan, binati nila ang KB sa "pagkamakabayan at ulirang katapangan" nito.

Subalit hindi maloloko ang mamamayang Pilipino ng mga hungkag na sigaw na ito ng "pagkamakabayan". Sa umpisa pa lamang ay maliwanag na si Marcos ang nagpapakulo nito, at ang pakay niya rito'y hindi mapaalis ang mga baseng Amerikano, kundi mapanatili sila rito sa habang panahon.

Isang sagadsarang tuta ng imperyalismong Amerikano si Marcos. Pansariling pakinabang lamang ang habol niya sa "negosasyon", at hindi ang interes ng sambayanang Pilipino.

Sa kabila ng kanilang pagmamagaling na sila'y "anti-imperyalista", walang ibang sinabi ang KB laban sa mga baseng imperyalista, maliban sa ang mga ito'y "nakasisira sa atin bilang isang malayang bansa". Hindi ang paglapastangan ng Estados Unidos sa soberania ng bansang Pilipino ang tinututulan ng KB.

## Umaastang 'malaya'

Ang isinasama ng loob ng KB ay ang lumalaking kahihiyang idinudulot ng mga baseng Amerikano sa rehimeng Marcos sa harap ng mga bayan ng ikatlong daigdig. Umaasta pa naman si Marcos na kampeon ng "pambansang kalayaan" upang makumbinsi ang mga bayang ito na pagbilhan siya ng langis at makipagkalakalan sa kanya.

Hindi maitatatwang si Marcos ang may gawa ng pahayag ng KB, mula umpisa hanggang dulo. Ang laman nito ay pawang mga reklamo niya sa kanyang among imperyalista at mga pagsusumamo niya sa kanila para bigyan siya ng limos.

Hindi sapat ang "tulong" na ibinibigay ng Estados Unidos, padabog na sinabi ng KB sa manipesto nito. Wala nang "kotang nagtatangi" ("preferential quota") sa mga iniluluwas ng Pilipinas sa pamilihang Amerikano. At ginagamit ng mga imperyalista ang isyu ng "karapatang-tao" para huwag kilanlin, kahit sa papel man lamang, ang soberania ng Pilipinas sa mga base.

Sa ibang salita, pumapayag ang KB sa mga baseng Amerikano rito, kung bibigyan ng E.U. ang rehimeng Marcos ng dagdag na "tulong", mataas na upa sa base, pakunwaring soberania sa mga ito, at "kotang nagtatangi" sa mga iniluluwas ng Pilipinas sa E.U.

Sa ganang kanila, parang pumapayag din naman ang mga imperyalistang Amerikano na magmukhang mas nakapagsasarili si Marcos. Ipinaalam nila kamakailan, halimbawa, na mula ngayon, "U.S. facility commander" na (pinuno ng pasilidad ng E.U.) ang itatawag sa Amerikanong namumuno sa Clark Air Base sa Pampanga. Ang tawag na "pinuno ng base" o "base commander" ay ibibigay sa isang Pilipino. Masasabi na ngayon ni Marcos na nakapailalim na sa pamumuno ng Pilipino ang mga base militar ng E.U.

## 'Pinuno' sa pangalan

Mangyari pa'y walang nagbabago. Tulad ng pagkasabi ng isang nagbigay ng kuru-kuro, malilimitahan malamang ang Pilipinong "pinuno ng base" sa "mga gawaing pang-administrasyon tulad ng pagtitiyak na hindi tumataas ang damo, nakukumpuni ang mga bakod, hindi ninanakaw ang mga eroplano, maayos ang pabahay at ibang pasilidad, hindi nakakapuslit sa blackmarket ang mga bilihing di binayaran ng buwis, at di naguguIo ang pagtakbo ng base dahil sa unyon ng mga manggagawa".

Pero kapag mga "detalye" na ang pinag-usapan, patuloy niya, katulad ng pagtatalaga at paglulunsad ng mga pwersang pambanat ng E.U., o pagpapagawa ng taguan sa ilalim ng lupa para sa mga misil, o pag-iistak ng mga armas nuklear, walang magagawa ang Pilipinong "pinuno".

Ang totoo, binubuno pa rin sa kasalukuyang "negosasyon" ang tungkol sa halagang gustong ibayad ng gobyernong Carter kay Marcos para sa patuloy na paggamit ng mga base, at kung tatawagin bang "tulong" o "upa" ang bayad na ito.

Habang nananatili ang mga baseng imperyalistang E.U. sa Pilipinas, hindi lubos ang soberania ng bayan sa kabuuan ng teritoryo nito. Alam ng mga mamamayang Pilipino na ang mga baseng ito ang nagbibigay-lakas sa pang-aapi't pagsasamantala sa kanila ng imperyalismong Amerikano at mga papet nito. Lubos at pangwakas na lalansagin ang mga base pagsapit ng tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan.

## INIINSULTO NG PELIKULA ANG MASANG LUMABAN SA PANANAKOP NG HAPONES

Para sa reaksyonaryo, ang puti ay itim at ang itim ay puti. Ganito ang pananaw sa kasaysayang Pilipino na sinisikap ipaglako sa mga mamamayan sa pelikulang "Feliciano: ang Huk Fighter ng Tarlac".

Ganap na kabaligtaran ng mga pangyayari ang gustong palitawin ng mga reaksyonaryong naghaharing uri sa pelikulang ito. Ginawa nilang bayani si Nicolas Feliciano, isang despotikong panginoong maylupa sa Gitnang Luson. Ginawang kontrabida naman ang masang magsasakang nagsandata upang lumaban sa mananalakay na Hapones at, sa pagwawakas ng digmaan, sa paghaharing peudal ng mga kauri ni Feliciano, na ibinalik ng imperyalismong Amerikano sa dati nilang kapangyarihan sa lipunang Pilipino.

Maraming mamamayan ang galit na tumutol sa kabuhungan. Ginunita nila ang maraming kagitingan at pagpapakasakit ng Hukbo ng Bayan Laban sa Hapon o Hukbalahap, na binuo ng Partido Komunista ng Pilipinas noong Marso 29, 1942.

Sinabi nilang hindi dapat palabasin ang pelikula dahil pinuputikan nito ang alaala ng mga tunay na makabayan, na tinangkilik at minahal ng masang kanilang pinaglilingkuran.

Humantong sana ang armadong pakikibakang pinangunahan noon ng Partido Komunista, Hukbalahap at ibang makabayang gerilya sa pag-angat ng pakikibakang pampulitika ng sambayanang Pilipino para sa tunay na kalayaan at demokrasya.

### Burges na pangkating Lava-Taruc

Subalit oportunista't taksil ang burges na pangkating Lava-Taruc na namumuno noon sa Partido Komunista ng Pilipinas. Sa halip na agawin ang inisyatiba sa estado ng mga imperyalista't asendero-komprador, pormal pa nilang ipinangako ang kanilang katapatan sa papet na rehimeng Quezon at amo nitong imperyalismong Amerikano.

Di nila pinansin ang panawagan ng Ikatlong Internasyonal noon na laging ibubunsod ang pagkakaisa't pakikibaka sa loob ng nagkakaisang prente, at gamitin ang antipasistang prente popular para magtatag ng demokratikong pamahalaang bayan.

Pagbalik ng mga imperyalistang Amerikano sa Pilipinas, mabangis nilang sinupil, sa tulong ng mga asendero, ang mga kadre ng Partido, Pulang mandirigma at mamamayan ng Gitnang Luson.

Ibig ipagpatuloy ng masa ang digmang bayan, ngunit pinigilan sila ng burges na pangkating Lava-Taruc, na nagsabing panahon na para sa umano'y "demokratikong kapayapaan". Ang totoo'y ibig lamang nilang makiparte sa kapangyarihan ng reaksyonaryong naghaharing uri, sa pamamagitan ng paglahok sa burges na pulitika.

Ngayon, 30 taon na pagkaraan ng mga pangyayaring iyon, patuloy pa rin ang mga reaksyonaryo sa kanilang tangkang pagbali-baligtarin ang kasaysayan.

Gumanap sa papel ni Feliciano ang artistang si Ramon Revilla, na nakilala na sa mga pelikulang nagpapabango sa mga kriminal at bayaning huwad. Kabilang sa mga ito si Brig. Hen. Romeo Gatan, ang punong ahenteng pasista ng diktadurang E.U.-Marcos sa Unang Sonang PC.

Maraming walang-kabuluhang arte ang ginamit sa pelikula upang pagandahin ang kasinungalingan--tulad ng kamerang nagpapaikut-ikot, pinabagal

na eksenang pagpatay kay Feliciano (na inabutan din ng rebolusyonaryong hustisya noong Hulyo 1968), doble-dobleng mga kuha ng mag-asawang nagsasayaw.

Ang lahat ng ito ay parang burdang pilit na ikinakabit sa telang marupok: sa halip na gumanda, lalong nasisira, hanggang sa itapon na lamang sa basura.

* * *

## MAY PANIBAGONG ANTAS SA PAKIKIBAKANG PAMBANSANG DEMOKRATIKO SA TAYLANDIA

Sumapit sa panibagong antas ang pakikibaka ng sambayanang Tay sa imperyalismong Amerikano at papet na rehimeng Kriangsak sa Taylandia, ayon sa Komiteng Tagapag-ugnay ng mga Pwersang Makabayan at Demokratiko (CCPDF).

Ipinahayag ng CCPDF na umabot na ngayon ang armadong pakikipaglaban ng mamamayang Tay sa mahigit kalahati ng kanilang bayan, at nakapagtatag na sa iba't ibang rehiyon ng mga baseng rebolusyonaryo at pinalayang sona.

Ipagdiriwang sa darating na Setyembre 28 ang unang anibersaryo ng pagtatatag ng Komite, na nakasalalay sa maraming-panig na kooperasyon ng Partido Komunista ng Taylandia, Partido Sosyalista ng Taylandia at Nagkakaisang Prenteng Sosyalista, gayundin ang iba pang pampulitikang grupo at organisasyon, mandirigma at rebolusyonaryong masa.

Nanawagan ang CCPDF, sa pamamagitan ng kalihim na si Thirayuth Boonmi, sa pakikiisa ng mga mamamayan ng buong daigdig sa kanilang pambansang demokratikong pakikibaka.

"Para magapi ng isang maliit na nasyong tulad ng Taylandia ang... imperyalismong Amerikano at mga utusan nito, kailangang di lamang matatag kaming magpumiit sa sariling adhikain, kundi magkaroon din ng matibay na suporta ng lahat ng kaibigang mapagmahal sa katarungan, mula sa lahat ng dako ng mundo," anang CCPDF.

Mabilis ang paglaganap ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa malawak na kanayunang Tay, laluna pagkaraan ng kudetang militar noong Oktubre 6, 1976. Muling hinawakan noon ng pasistang militar ang kapangyarihang pang-estado pagkaraan ng tatlong taong paghawak ng sibilyan sa gobyerno. Kasunod ng kudeta, na tinampukan ng marahas na pagsupil sa militanteng kilusang estudyante, maraming kabataan at intelektwal ang tuluyang umanib sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa kanayunan.

Sa malapeudal at malakolonyal na Taylandia, sunud-sunod na mga pangkating militar ang naghahari alinsunod sa kagustuhan ng imperyalismong Amerikano, na may malaking puhunan doon.

Bukod sa pang-ekonomikong interes, ginagamit din ng imperyalismong Amerikano ang Taylandia bilang panangga sa paglaganap at paglakas ng mga kilusan sa pambansang pagpapalaya sa rehiyon. Ang Taylandia ay kanugnog ng mga demokratikong estadong bayan ng Indotsina, at tumutulay sa Malaysia at Indonesia, dalawang bayang sagana sa likas na yamang pinapakinabangan ng imperyalismo.